# HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. VI No. 26 MAY 30-JUNE 5,2022 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034





Congressman Alex "AA" Advincula
*3rd District of Cavite, Rep.*


# Tambalang BBM-Sara,naiproklama na bilang bagong Presidente at Bise Presidente ng Bansa

P.3



## Revilla hails enactment of SK Reform law

Senator Ramon Bong Revilla hailed the enactment of Republic Act No. 11768 which strengthens the Sangguniang Kabataan (SK) as a meaningful vehicle for youth participation in local governance and in nation-building.

Revilla, who is one of the authors of the law alongside Senators Sonny Angara and Imee Marcos, is elated that policy gaps and issues under the SK Reform Act of 2015 will finally be addressed in this measure, specifically the lack of compensation and inadequate support for SK officials and uncertainties in funding.

Section 4 of the new law provides that SK members, including the SK treasurer and secretary, shall now receive a monthly honorarium. The local government units may also provide additional honorarium as well as social welfare contributions and hazard pay to the SK Chairperson and the elected and appointed members



through their own local ordinances.

Moreover, the law entitles SK officials appropriate civil service eligibility based on the years of service to the barangay.

"Inaasahan natin sa pagpapatupad ng mga repormang ito, higit na magiging epektibong katuwang ng pambansang pamahalaan ang Sangguniang Kabataan, hindi lamang sa pagsusulong ng kapakanan ng kabataang Pilipino, kundi sa muling pagbangon at pangkalahatang pag-unlad ng bansa," Revilla stated.

The law also authorizes the LGUs to appropriate not less than 1% of its annual budget for the Local Development Office, which shall be used for the implementation of the Local Youth Development Plan (LYDP), convening the meetings of the Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan and Local Youth

(cont. P.4)





*Binisita nina Miss World Philippines 2022 Candidate, Ms. Loraine Joy Arpia at Miss Philippines Earth 2022 Candidate, Ms. Angeline Mae Santos para sa isang courtesy call si Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan nitong Lunes, Mayo 23, 2022. Hinikayat naman ni Lubigan ang mga kababayan na suportahan ang dalawang kandidata na mula sa kanilang lungsod at magrerepresenta sa lalawigan ng Cavite sa kani-kanilang kompetisyon."Let's all support, follow and join their journey in winning the crown as they represent the City of Hope, Trece Martires City," pahayag ng alkalde sa kaniyang post sa social media.*

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com



*May 21, 2022, Barangay Santiago - Isa po sa hindi inaasahang pangyayari na gawa ng kalikasan, ilan po sa mga barangay sa General Trias ang dinaanan ng isang buhawi na nagdulot ng pinsala sa maraming kabahayan kabilang na po ang Barangay Santiago. At bilang pagtugon po sa ating mga kababayan ay namahagi po ang inyong lingkod Cong. Jonjon Ferrer kasama sina VM Jonas, BM Morit, Coun. Atty. Jesse, Coun. Pafoo, Kap. Batman at mga kagawad ng Barangay Santiago ng kaunting tulong upang kahit papaano ay maibsan ang kanilang alalahanin. Salamat po sa ating Panginoon at wala naman pong naitalang nasaktan.*

# River clean-up drives sa Cavite malaking tulong para mapigilan ang pag-anod ng mga basura sa Manila Bay — DENR

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Tuloy-tuloy ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) CALABARZON sa pagsasagawa ng mga clean-up drives sa mga ilog na sakop ng rehiyon upang mapigilan na



maanod ang mga basura patungong Manila Bay.

Kabilang dito ang river clean-up na isinagawa ng Manila Bay Cite Coordinating Management Office No. 4 (MBSCMO4) at Cavite Provincial Environment and Natural Resources Office sa Barangays Malagasang II-B at II-C sa siyudad ng Imus, Cavite kamakailan kung saan 2,500 kilo ng hindi nabubulok, nabubulok, at residwal na basura sa higit kumulang na 250 metro ng ilog ang nakolekta ng ahensiya.

Ayon kay For. Raymund Mercucio Assistant to the Regional Deputy Coordinator ng MBSCMO4, layon ng clean-up drives na isinagawa bilang bahagi na rin ng pagdiriwang ng Month of the Ocean na pigilan ang pagdaloy ng basura sa Manila Bay mula sa mga nasabing ilog.

Pahayag naman ni Assistant Regional Director for Special Concerns Jose Elmer C. Bascos na tuloy-tuloy ang ganitong klase ng gawain upamg makamit ang minimithing SB level ng Manila Bay.

Ang SB level ay sang-ayon sa DENR Administrative Order No. 2021-19 ay ang kundisyon kung saan ito ay maaaring languyan, paliguan at pagdarausan ng iba pang gawain kaugnay sa paglilibang.

Nasa 60 katao na binubuo ng mga opisyal ng Barangays Malagasang II-B at II-C ang lumahok sa nasabing programa.

Kasama rin sa mga lumahok sa clean-up drive ang manggagawa ng City ENR office ng Imus, mga miyembro ng Pantawid

**(cont. P.7)**

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST


**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
**PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.**
PAPER.PH EST. 2019

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAGPILI SA PAG-IBIG

1. Dahil sa pag-ibig ay may natutuwa,
Dahil sa pag-ibig ay may lumuluha,
Bakit kaya gayon isa ang Lumikha,
Pero iba-iba bigay na biyaya?

2. Mayroong umibig nang dahil sa ganda,
At naging masaya noon sa umpisa,
Bakit nagkagayon, leron, leron sinta?
Nabali ang sanga, luluha lang pala.

3. Dahil ang kasuyo'y paruparong bukid,
Kaya ang ugali'y pagdapo ang ibig,
Sa mga bulaklak ito'y lumalapit,
At may mga bulong na ibig mang-akit.

4. Kapag ang babae'y nagkulang sa aral,
Madaling bolahin sa mumunting dasal,
Ang babae namang sa aral nagpagal,
Dahil sa talino, lalaki'y supalpal.

5. Kaya ang payo ko sa isang dalaga,
Mag-aral sa kilos at huwag magpabola,
At hindi rin naman supalpal ang pasya,
Bagkus magmabuti saka makisama.

6. Pag may napusuan na isang binata,
Marapat dalaga'y mag-isip magnasa
Na makilala niya ang amang dakila,
Pagka't siya'y modelo nitong kanyang bata.

7. Pag ama'y maayos sa kanyang asawa,
Natural masaya ang naturang ina,
Kapag babaero't lasenggo ang ama,
Marapat dalaga'y pag-iwas ang pasya.

8. Gayon din ang dapat gawin ng binata,
Alamin ang ina nitong kanyang mutya,
Pag ina'y maayos, ituloy ang tuwa,
Pag- iwas ang gawin pag ina'y saliwa.

# Tambalang BBM-Sara, naiproklama na bilang bagong Presidente at Bise Presidente ng Bansa

Pormal nang iprinoklama bilang bagong pangulo at ikalawang pangulo sina President-elect Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. at Vice President-elect Sara Duterte-Carpio nitong nagdaang Miyerkules, Mayo 25, 2022.

Nakapagtala ng 31,629,783 votes si President-elect Marcos habang 32,208,417 votes naman ang nagpapanalo kay VP-elect Duterte-Carpio.

Sa kabuuan, inabot lamang ng dalawang araw ang canvassing ng boto mula sa 171 o 98.84% certificate of canvass na binilang ng National Board of Canvassers (NBOC) Congress.

Maituturing umanong makasaysayan ang naganap na eleksyon noong nagdaang Mayo 9, 2022 dahil bukod sa pagkakaroon ng pinakamabilis na canvassing ng boto, nakapagtala rin ang COMELEC ng 82% voter turnout.

Ito rin umano ang kauna-unahang beses na nahalal ang bagong pangulo at ikalawang pangulo ng bansa via majority vote.

Nakatakdang isagawa ang inagurasyon ng bagong Presidente at Bise Presidente sa darating na Hunyo 30, batay sa Saligang Batas ngunit nauna nang humiling si VP-elect Inday Sara na gawing mas maaga ang kaniyang panunumpa dahil nais umano niyang dumalo sa inagurasyon ng pangulo.(GOCAVITE)




ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

MAYOR ONY FERRER


# PHO conducts Kilatis Kutis and Contact Tracing of Old Leprosy Cases

Cavite Provincial Health Office once again conducted the Kilatis Kutis and Contact Tracing of Old Leprosy Cases led by PHO's National Leprosy Control Program Coordinator Haydelisa Maderaso on May 25, 2022 in Brgy. Pasong Kawayan, City of Gen. Trias. The activity aims to find leprosy cases in high prevalence areas through skin consultation. Almost 200 patients comprised of children and adults were examined and given prescribed medicines and vitamins. The event was made possible with the help of Gen. Trias City Health Office's medical staff, Pasong Kawayan Punong Barangay Francisco Tapawan and other officials. (PICAD)







***Binigyan ng pagkilala ng Department of Interior and Local Government (DILG), PDEA at PNP ang lokal na pamahalaan ng General Emilio Aguinaldo (Bailen) sa kanilang kampanya kontra iligal na droga.***

***"Maraming salamat po sa DILG sa pangunguna ni Sec. Eduardo Año, sa PDEA sa pangunguna ni Director Wilkins Villanueva at sa Dangerous Drugs Board sa pangunguna ni Sir Catalino Cuy para sa pagkilala sa ating bayan sa layon nitong labanan ang paggamit ng ipinagbabawal na gamot," saad sa Facebook post ni Mayor Nelia Bencito Angeles."Nagpapasalamat din po ako sa ating mga departments at sa ating PNP na nangunguna upang malabanan ang pagkalat ng paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Mahalaga ito upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa ating bayan," dagdag pa niya.***


*Pagbati Mula kina:*



Vice Mayor Ony Cantimbuhan
*Imus City, Cavite*



Cong. Jonjon Ferrer
*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*



## FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**RUHOLLAH KHOMEINI** - *Siya ay isang Iranian na pinuno ng mga Shi'Ite group at tumapos sa Monarchy ng Iran sa pamamagitan ng isang rebolusyon.*



## LET THERE BE LIGHT!

By

Eng'r. VEr Campaña Bautista

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**TAMBO KULIT -** Ang Tambo Kulit, Indang ay galing sa "tambo na isang mataas na damo at "kulit" na ang kahulugan ay maliit.

# PARADA NG BANDA, ALAY SA KAPISTAHAN NG PATRONA



ROSARIO, CAVITE: Nagtagisan ng galing at husay pagdating sa pagtugtog ang grupo ng labing-isang musikero na kinabibilangan ng Saint Mary Magdalene Band, Holy Rosary Youth Band, Sto. Rosario Band, Saint Hilary Band, Victory Band, Unity Band, Holy Cross Band, Primero Uno Band, St. Joseph 98 Band, San Lorenzo Ruiz Band, St. Jude Band, at St. Agustine Band.

Ito ay bilang bahagi ng pagdiriwang ng Kapistahan ng Mahal na Birhen ng Santisimo Rosario Reina de Caracol.

Matapos ang dalawang taong pansamantalang pagtigil nito dulot ng pandemya ay muli itong nasaksihan ngayon ng mamamayan.

Ang parada ng banda ay kinakapanabikan ng lahat. Dinarayo ito ng marami.

Ang tradisyon ng kapistahan na ito ay bilang bahagi ng pasasalamat ng mamamayan sa buong taong nagdaan. **(SID SAMANIEGO)**



***Binisita ni Bacoor City Mayor Lani Revilla at ng kanyang anak na si Bryan Revilla ang burol ng aktres na si Susan Roces.***

***Sa naturang post ng alkalde ay nagpaabot siya ng pakikiramay sa mga naulilang pamilya at mahal sa buhay ng kanyang Ninang Susan.***

***"Atin pong binisita ang burol ng ating Ninang Susan Roces kasama si Kuya Bryan Revilla. Muli ang pakikiramay ng aming pamilya sa mga naiwanang mga mahal sa buhay ni Ninang Susan lalo na sa pamilya ni Sen. Grace Poe Llamanzares," pahayag niya.***

## Revilla hails enactment... (from p. 1)

Development Council (LYDC).

SK is also authorized to set aside not more than 15% of SK Fund for the mandatory and continuing training to ensure that they can be fully equipped with the best practices of effective governance and policy-making to enable them to perform their mandate.

Priority should also be given to youth development projects and activities such as student stipends and other educational assistance programs, summer employment and on-the-job training, sports and wellness projects to address physical and mental health, teenage pregnancy, substance abuse and other health issues.

RA 11768 or "An Act Strengthening the Sangguniang Kabataan, Institutionalizing Additional Reforms to Revitalize Youth Participation in Local Governance and by Providing Honararium, Other Benefits, and Privileges Amending for the Purpose Certain Sections of Republic Act No. 10742, Otherwise Known as the 'Sangguniang Kabataan Reform Act of 2015" was signed into law by President Duterte last May 6, 2022 and was published in the Official Gazette on May 17, 2022.



## CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Jose Basa y Enriquez - Siya ay isang abogado, manunulat at makabayan.Siyaayidinawitsa Cavite mutiny of 1872 at itinapon sa Guam datapwa't nakatakas at nakarating sa Espanya kung saan nabigyan siya ng pardon. Muli siyang inusig at itinapon sa Mindanao kasama si Jose RIzal. Pinatawad siya matapos ng dalawang taon. Naging delegado siya sa Malolos Congress.**

## Pagbibigay ng 2nd dose booster shot para sa A1 medical workers, simulan sa lungsod ng Tagaytay

Nitong Lunes ay sinimulan na ng Pamahalaang Lungsod ng Tagaytay ang pagbabakuna ng 2nd dose Booster shot para sa mga mamamayan na nasa A1 medical workers category.

Batay sa pabatid ng Tagaytay City Health Office, isinagawa ang pagbabakuna sa Tagaytay Medical Center sa pangunguna ni Dr Rafael Rodriguez, Medical Director, at sa Ospital ng Tagaytay sa pangunguna ni Sir Max Angat, Hospital Administrator.

Ang naturang inisyatiba ay matagumpay na pinangasiwaan ni Dra Liza Fe Capupus, City Health Officer, kasama ang mga miyembro ng 'on-the-go' vaccination team.

Magpapatuloy ang pagbabakuna ng 2nd dose booster para sa mga A1- medical workers, A2 - senior citizens gayundin sa A3- immunocompromised individuals sa mga susunod na araw, ayon sa CHO.



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

## HUMANITY TRIVIA

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Washing Machine - 1907
Crossword - 1913
Cayenne - America
Cinnamon - India
Okra - pneumonia

# Flores De Laguna 2022







Flores De Mayo is a Filipino festival that is celebrated as one of the May devotions, the Blessed Virgin Mary celebrated throughout the entire month of May. This celebration culminates with a religious and cultural beauty pageant - the Santacruzan.

May 22,2022, Enchanted Kingdom brings back their own twist on the Filipino tradition, Flores De Laguna 2022, in partnership with The Designers Circle Philippines (DCP) – Laguna. Flores De Laguna is a celebration of our motherland and the Filipino creativity and beauty.

This event is an opportunity for 20 of the most promising local designers and loveliest ladies to showcase their passion for fashion as they sashay the catwalk, celebrating the meaningful religious tradition of flower offering and celebrating the culture of the Philippines.

Through its events, Enchanted Kingdom aims to promote not only its rides and attractions but also Filipino culture and build national pride, as the talented Filipino designers and models display their original creations.

For more information on promos and ticket reservations and bookings, please visit Enchanted Kingdom's official website www.enchantedkingdom.ph, online store https://shop.enchantedkingdom.ph/ or official Facebook page www.facebook.com/enchantedkingdom.ph.

## Pagtatayo ng LTO District Office sa Gentri, pinirmahan ni PRRD


Kamakailan ay nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang batas na magtatatag ng Land Transportation Office (LTO) district office sa lungsod ng General Trias, Cavite.

Ang Republic Act 11769, na nilagdaan ng pangulo noong Mayo 24, ay nag-uutos sa Kalihim ng Transportasyon na agad na isama sa mga programa ng departamento ang operationalization ng LTO district office sa nabanggit na lungsod.

Sa ilalim ng batas, ang pondo para sa LTO district office sa General Trias ay dapat kasama sa taunang General Appropriations Act.

Ang RA 11769 ay dapat magkabisa 15 araw matapos itong mailathala sa Opisyal na Pahayagan o sa isang pahayagan na may pangkalahatang sirkulasyon.

Nagmula ang batas sa House of Representatives at ipinasa ng Kamara at Senado noong Mayo 25, 2021 at Enero 31, 2022, ayon sa pagkakasunod-sunod.




*Pinangunahan ni Congressman Pidi Barzaga ang Kick-off Ceremony ng Limited Face-to-Face Classes sa De La Salle University-Dasmariñas Senior High School nitong Lunes, May 24, 2022.*



*Ibinahagi ni Congressman Boying Remulla ang mga larawan ng mga mamamayan mula sa bayan ng Indang na tumanggap ng tulong pinansyal kamakailan.*

*Aniya, nasa 1,275 mga mag-aaral ang tumanggap ng educational assistance habang nasa 335 naman ang natulungan sa pamamagitan ng medical assistance.*

*Ito ay sa pagtutulungan ng tanggapan ni Remulla at ng Department of Social Welfare and Development.*



# MPT South 2022 Medical Mission kicks off...

(from p. 7)

Aplaya Covered Court to offer free services of circumcision, general check-up, pediatric consultation, and wellness services such as foot detox and back massage.

After the Covid-19 pandemic that seriously limited the movement of everyone, this is the first time that the MPT South conducted this annual medical mission activity.

Now that restrictions have been lifted they activated their annual medical missions for the communities.





*Masayang ibinahagi ni General Emilio Aguinaldo Mayor Nelia Bencito Angeles ang kauna-unahang pagkakataon na nakabili ang kanilang lokal na pamahalaan ng mga kagamitan para sa mga Senior Citizen at PWDs.*

*Kabilang sa kanilang mga nabili ay ang mga blind stick, wheelchair, at crutches, na siyang makakatulong para sa kanilang mga mamamayan na may pangangailangan.*

*Ayon kay Angeles, ang mga naturang kagamitan ay nabili sa pamamagitan ng pondo ng PWD at Senior Citizen Fund.*







# Barangay, SK elections, itutuloy sa Disyembre - COMELEC

Patuloy ang ginagawang paghahanda ng Commission on Elections (Comelec) para sa Barangay at Sangguniang Kabataan Elections para sa buwan ng Disyembre.

Ito ay sa kabila ng mga suhestiyon ng ilang grupo na huwag ipagpatuloy o ipagpaliban ang planong Barangay at SK Elections.

Batay sa Ulat ng Radyo Pilipinas, sinabi ni Comelec Spox Atty. John Rex Laudiangco na kakailanganing umanong may maipasang batas na nagbibigay kautusan sa Comelec bago ipinagpaliban ang eleksyon.

Kung walang kautusan ay magpapatuloy lamang ang ginagawang paghahanda ng kanilang ahensya ilang buwan bago ang eleksyon ng mga ito.

Matatandaan na una ring sinabi ng Comelec na kadalasan ay mas mataas pa ang tensyon sa lebel ng barangay elections dahil sa ang mga magkakatunggali ay magkakamag-anak, magkakapitbahay o magkakilala.

**rEpuBLiC OF tHE pHiLippinEs**
**rEgiOnaL triaL COurt**
**FOurtH JuDiCiaL rEgiOn**
**BranCH 19 (113)**
**BaCOOr CitY**

**in rE:pEtitiOn FOr rE-issuanCE OF tHE OWnEr's COpY OF transFEr CErtiFiCatE OF titLE nO. (057-2011013720) 167-2016003148**

**HOusEHOLD DEVELOpmEnt COrpOratiOn, as represented by Krist OFEr Dan C. mEDaLLO,**
Petitioner.

**LrC Case no. 8843-2021-23**
x----------------------------------------------------------x

**nOtiCE OF HEaring**

A Petition for the Issuance of Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. (057-2011013720) 167-2016003148 in the name of Household Development Corporation was filed in this Court.

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT said petition has been set for hearing on November 22,2022 at 8:30 in the morning in this Court, on which date, hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the cities and province of Cavite, to be determined by raffle.

Let a copy of this Notice and that of the Petition be furnished the Register of Deeds of the Province of Cavite, Bacoor City Branch and be posted by the Sheriff of this Court in three (3) conspicuous places in Bacoor City where the property is located.

WITNESS THE HONORABLE JUDGE MARICAR S.A. PRUDONSISON, Assisting Judge of this Court, this 20th day of April,2022 at Bacoor City, Cavite.

**(sgd.) rOXannE DapHnE O. Lapaan**
Clerk of Court V

**HumanitY nEWs**
**may 16, 23 & 30,2022**



*Naging matagumpay ang naging Passport on Wheels na ginanap sa Robinsons Place Imus, sa pagtutulungan ng Imus PESO at Department of Foreign Affairs (DFA).*

*Pahayag ni Imus City Mayor Emmanuel Maliksi, "Tuloy ang pagsisikap ng ating tanggapan na mapadali at maging mas maginhawa ang iba't ibang proseso ng gobyerno para sa ating mga kababayan, lalo na rin para sa mga manggagawa."*

# MPT South 2022 Medical Mission Kicks off in Cavite







Biñan City - Metro Pacific Tollways South (MPT South), a subsidiary of Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC), the toll road development arm of Metro Pacific Investment Corporation (MPIC), kicked of its first medical mission since the pandemic in Kawit, Cavite.

At least 392 children and adult residents of Barangay Aplaya, Kawit received free healthcare services from the corporate social responsibility (CSR) effort of the toll road company called "Alagang MPT South Medical Mission" in partnership with the local government of Barangay Aplaya, Joint Task Force-NCR (First Task Brigade, First AFP Reserve Center, and 11th CMO Battalion), One Pharma Company, Inc., Island Luz Minerva Lodge No. 5, F. & A.M., and Kinamak Flame Grilled Burgers and Sausages.

MPT South brought its pool of medical volunteers to Barangay

**(cont. P.6)**

## EDITORIAL

**Ang pamahalaan ay nag-aalok ng libreng pag-aaral sa skills. Samantalahin natin ito at mag-aaral nang puspusan. Ang mga bansang mayayaman ay nagkukulang sa mga taong maglilingkod sa pabrika, mag-aalaga sa mga senior citizens at gagawa sa mga lugar na mismong mga mamamayan nila ang tumatanggi dahil sa nabibilang ang gawain sa marumi, mainit, masikip, maliit ang suweldo at laging binabantayan. Iyan ang dahilan kaya marami tayong OFW sa mga bansang may kakayahang magpasuweldo ng mas malaki kay-**

## River clean-up drives sa Cavite... (from p. 2)

Pamilya Pilipino Program (4Ps) sa nasabing mga Barangay, ilang empleyado ng Provincial Government ENR Office ng Cavite, Department of Interior and Local Government (DILG) CALABARZON, DENR CALABARZON Regional Office, mga nakatalagang River Rangers at Eco Aide.

Kaugnay nito, patuloy na hinihimok ng DENR CALABARZON ang publiko na magkaroon ng inisyatibo na makilahok sa gawaing pangkalikasan. — PIA Laguna (may ulat mula sa DENR CALABARZON)

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Kogon bilang halamang gamot

Ang kogon ay isang pangkaraniwang damo na madalas makitang tumutubo sa mga bakanteng lote, gilid ng kalsada at mga malawak na kapatagan. Maaari itong tumubo sa taas na 30 hanggang 80 sentimetro. May pahaba at patulis na mga dahon, at bulaklak na maputi at tila mga balahibo. Madali itong tumubo sa kahit na anong uri ng lupa at tinuturing na pesteng halaman sa maraming lugar.



*Scientific name: Imperata cylindrica (L.) Beauv.; Imperata arundinacea Cirillo; Imperata koenigii (Retzius) P. Beauv. Common name: Kogon (Tagalog); Cogongrass (Ingles)*

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Kogon?**

Ang iba't ibang bahagi ng kogon ay maaaring makuhanan ng ilang uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang ugat ay makukuhanan ng lignan glycoside, at impecyloside.

Taglay din ng ugat ang arundoin, cylindrin, fernenol, cylindol, cylindrene, grminones at imperanene

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Ugat.** Ang ugat ng kogon ang siyang madalas gamitin sa panggagamot sa ilang uri ng sakit. Kadalasan itong nilalaga at pinapainom.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Kogon?**

**Dysenteria**. Ang pinaglagaan ng ugat ng kogon ay mabisang panlunas para sa pagtatae na may kasamang dugo dulot ng dysenteria.

**Hirap sa pag-ihi.** Mabisang gamot din para sa pag-ihi ang pag-inom sa pinaglagaan ng ugat ng kogon.

**Urinary Tract Infection o UTI.** Ang sariwang ugat ng kogon ay mabisang panlunas din sa impeksyon sa daluyan ng ihi.

**Diabetes**. Ang regular na pag-inom din sa pinaglagaan ng ugat ng kogon ay nakatutulong na iregulisa ang sakit na diabetes.

**Bulate sa tiyan.** Mahusay din na pampurga sa mga bulate sa tiyan ang pag-inom sa pinaglagaan ng ugat ng kogon.

**Sugat.** Dapat na ipanghugas sa sugat ang pinaglagaan ng ugat upang matulungan ang mabilis na paghilom.

**Pamamanas.** Ang pamamanas sa ilang bahagi ng katawan ay matutulungan din kung regular na iinom ng pinaglagaan ng ugat ng kogon.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.VI NO. 26

# PGC holds Top Management Review








Cavite Provincial Government held its Top Management Review on May 19, 2022 at the Sangguniang Panlalawigan Session Hall, Legislative Building in Trece Martires City attended by Provincial Administrator Renato Abutan and heads of different PGC departments and units.

The meeting was facilitated by Ms. Michelle Alcid, Provincial Board Secretary & Quality Management Representative.

Various topics were presented including updates on strategic performance management system, result of the PGC QMS internal quality audit from 3rd quarter of 2021 to 1st quarter of 2022 as well as reports of the different Quality Management committees – workplace inspection, feedback mechanism, and training and education.

The top management review was conducted to assess and evaluate the QMS implementation in the Provincial Government of Cavite which would help resolve issues and concerns within the system for further improvement.

It was reported in the meeting that PGC attained zero non-conformity during the last surveillance audit in September with 5 audit observations.(PICAD)






***Sinimulan nina General Trias City Mayor Ony Ferrer at Cavite 6th District Representative Jon-Jon Ferrer ang isang community pantry sa kanilang lungsod nitong Mayo 24, 2022.***

***Ito ay bilang pasasalamat sa mga mamamayan na nagbigay ng pagsuporta sa kanilang adhikain.***

***Masayang nagsalu-salo ang mga residente at mga lokal na opisyal ng pamahalaang lungsod sa Thanksgiving community pantry, ayon sa pabatid sa social media ni Jonas Labugen.***

***Matatandaan na nanalo at nahalal bilang kinatawan ng ika-anim na distrito ng Cavite si Ony Ferrer, habang magiging alkalde at bise alkalde naman sina Jon-Jon Ferrer at Jonas Labuguen.***




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY




See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza

## DO YOU KNOW ?

*Leopold Godowsky and Leopold Mannes invented the first Color Film for camera.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**